## SSS/Umid Pay Card upgrade


1. Pagka-login sa inyong account, i-click ang tatlong guhit sa kaliwang bahagi.




2. I-click ang "Member Information" at "SSS/UMID Pay Card Upgrade"




3. Pindutin ang "I agree" upang ipahayag ang iyong pag-sang-ayon sa mga kondisyon ng data privacy.




4. I-click ang "UnionBank" upang malaman kung paano i-download at i-install ang UnionBank Online App at kung paano magbukas ng UMID ATM Pay Card.




5. I-click ang Adobe Acrobat o anumang compatible na application upang mabuksan ang file.




6. Basahin nang mabuti ang nilalaman upang malaman ang proseso ng pag-aapply para sa SSS UMID Pay Card Account.




7. I-click ang Step-by-Step Guide kung sakaling may problema sa validation sa UnionBank Online App.



8. Ulitin ang Step 5, at basahin ang Guide para sa Validation Errors.



UBP_Online_App_Guide_for_validation_errors PDF

**GUIDE KUNG MAY PROBLEMA SA VALIDATION SA UNIONBANK ONLINE APP**

Siguraduhing tama ang SSS information na iyong ini-encode sa SSS UMID ATM Pay Card upgrade application sa UnionBank. I-verify o i-update ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. **Mobile number or e-mail address:**
   - I-access ang "MEMBER INFO" menu ng inyong My.SSS account at pindutin ang "Update Contact Info" o pumunta sa alinmang SSS Branch Office.
   - Hintayin na ma-approve at ma-effect ang iyong updated contact information sa iyong SSS records bago ipagpatuloy and pagbubukas ng account sa UnionBank.
2. **Mother's Maiden Name:**
   - Mangyaring ipadala ang iyong mga katanungan sa pamamagitan ng uSSSap Tayo portal (https://crms.sss.gov.ph/)

Pagkatapos ma-verify ang tamang SSS information o ma-update ito, sundin ang sumusunod na steps para ipagpatuloy at kumpletuhin ang inyong LIBRENG UMID ATM Pay Card Upgrade:

**Step 1.** Magbukas ng UnionBank account.


**Para sa step-by-step guide sa pagbubukas ng UnionBank account, pindutin ang UnionBank icon** .

**Step 2.** I-activate ang inyong SSS UMID ATM Pay Card account sa sandaling matanggap ito. Ang inyong UMID ATM Pay Card naman ay idedeliver within one (1) month sa Metro Manila at one and a half (1 ½ ) months sa mga probinsya simula sa araw ng pagbubukas ng UMID ATM Pay Card account.


For upgrade process assistance at iba pang concerns with the UnionBank Online app, i-access ang UnionBank website: https://www.unionbankph.com/SSS-UMID o tumawag sa UnionBank Customer Service Hotline (02) 8841-8600.

Kung may iba pang katanungan, maari pa rin ipadala ito sa pamamagitan ng uSSSap Tayo portal (https://crms.sss.gov.ph/) o tumawag sa SSS Hotline (02) 81455.


9. I-check ang checkbox bilang pagpapatunay na nabasa at naintindihan mo ang mga patakaran, at ikaw ay sumasang-ayon sa pag-upgrade ng iyong UMID ATM Pay Card.



10. I-click ang “Proceed” kapag natapos mo na ang Step 9.




11. Suriin kung tama ang iyong Contact Information at Address, pagkatapos ay I click ang “Submit” button.



12. Basahing mabuti ang mga susunod na hakbang na lalabas sa screen; tandaan din ang iyong transaction number na ibinigay.

Aming natanggap ang iyong consent para sa UMID ATM Pay Card Upgrade na may Transaction . Gawin ang sumusunod upang ipagpatuloy at kumpletuhin ang iyong UMID ATM Pay Card Upgrade:

**Step 1.** Magbukas ng UnionBank account gamit ang anuman sa mga sumusunod na paraan:

- I-scan ang QR code o i-click ang link: https://go.onelink.me/OgnL/f4dt87jg para ma-download ang UnionBank Online app sa inyong smartphone.
- Maaari ring hanapin ang UnionBank Online app sa Apple App Store (iOS device), Google Play Store (Android device) or Huawei AppGallery (Huawei device)
- Sa anumang web browser, buksan ang UnionBank Online website: https://online.unionbankph.com/online-banking/signup/open-account
- Gamitin ang Transaction sa pagbubukas ng UMID ATM Pay Card account sa UnionBank.

Para sa step-by-step guide sa pagbubukas ng UnionBank account, pindutin ang UnionBank icon:

**Step 2.** I-activate ang iyong SSS UMID ATM Pay Card account sa sandaling matanggap ito. Ang UMID ATM Pay Card ay ipapadala within one (1) month sa Metro Manila at one and a half (1 ½) months sa mga probinsya simula sa araw ng pagbubukas ng UMID ATM Pay Card account.

For upgrade process assistance at iba pang concern sa UnionBank Online app, i-access ang UnionBank website: https://www.unionbankph.com/SSS-UMID o tumawag sa UnionBank Customer Service Hotline (02) 8841-8600.

Para sa ibang mga katanungan, maaaring mag-email sa usssaptayo@sss.gov.ph o tumawag sa SSS Hotline 1455.

Thank you.